



NDIS Quality  
and Safeguards  
Commission

# Ang Code of Conduct (Mga Alituntunin ng Kagandahang Asal) ng NDIS

Ang Code of Conduct ng NDIS ay nilalapat sa lahat ng mga tagapagbigay serbisyo ng NDIS, na rehistrado o hindi rehistrado, at lahat ng mga taong empleyado o may ibang transaksyon sa tagapagbigay ng serbisyo ng NDIS.

## Sa pagbibigay ng mga suporta at serbisyo sa mga taong may kapansanan, ang taong saklaw ng Code ay dapat:

- kumilos na may paggalang sa mga karapatan ng indibidwal sa kalayaan sa pagpapahayag, pagpapasya sa sarili at paggawa ng desisyon alinsunod sa naaangkop na mga batas at kombensyon
- paggalang sa pagkapribado ng taong may kapansanan
- magbigay ng mga suporta sa serbisyo sa isang ligtas at mahusay na paraan, na may kasamang pag-iingat at kasanayan
- kumilos na may integridad, katapatan at walang kinukubli
- agarang magsagawa ng mga hakbang at kumilos sa mga ikinababahala tungkol sa mga bagay na maaaring makaapekto sa kalidad at kaligtasan ng mga suporta at serbisyon ibinibigay sa mga taong may kapansanan
- gawin ang lahat ng mga makakatwirang hakbang upang maiwasan at tumugon sa lahat ng anyo ng karahasan laban sa, at pagsasamantala, pagpapabaya, at pang-aabuso ng, mga taong may kapansanan
- gawin ang lahat ng mga makakatwirang hakbang upang maiwasan at tumugon sa maling pag-uugaling sekswal

**Sinuman ay maaaring magsampa ng reklamo sa Quality and Safeguards Commission (Komisyon ng Kalidad at mga Pananggalang) ng NDIS tungkol sa mga tagapagbigay ng serbisyo o mga manggagawa na lumabag sa Code of Conduct ng NDIS.**

## Alamin ang higit pa

Upang malaman ang higit pa tungkol sa Code of Conduct o upang mag-ulat ng paglabag:

- magpunta sa [www.ndiscommission.gov.au](http://www.ndiscommission.gov.au)
- mag-email sa [feedback@ndiscommission.gov.au](mailto:feedback@ndiscommission.gov.au)
- tumawag sa 1800 035 544